**PAGSASALIN SA TAGALOG NG NOTE SA FIXED/ADJUSTABLE NA RATE NG EQUITY SA BAHAY SA TEXAS (30 Araw na Average na SOFR Index (Gaya ng Inilathala ng Federal Reserve Bank of New York) - Mga Rate Cap)**
**(Unang Lien)**
**TAGALOG TRANSLATION OF TEXAS HOME EQUITY FIXED/ADJUSTABLE RATE NOTE (30-day Average SOFR Index (As Published by the Federal Reserve Bank of New York) - Rate Caps) (First Lien)**

## ABISO TUNGKOL SA PAGSASALIN SA TAGALOG

**Ang pagsasaling ito sa Tagalog ay hindi isang mabisang legal na dokumento, ibinibigay lang ito para sa kaginhawahan ng Borrower, at hindi ito kailanman maituturing na kontrata o anumang bahagi ng dokumento ng loan sa Ingles. Bagama't sinubukan ng Fannie Mae at Freddie Mac na tiyaking isa itong tumpak na pagsasalin ng dokumento ng loan sa Tagalog, hindi mananagot ang Fannie Mae o ang Freddie Mac sa anumang pagkakamali sa Tagalog na pagsasalin na ito o para sa anumang hindi pagkakaunawaan dahil sa mga pagkakaiba sa paggamit ng wika o diyalekto. Kung sakaling magkakaroon ng mga hindi pagkakatugma sa pagitan ng dokumento ng loan sa Ingles at sa pagsasaling ito sa Tagalog, mananaig ang ipinatupad na dokumento ng loan sa Ingles. Responsibilidad ng Borrower na ganap na maunawaan ang katangian at mga tuntunin ng mga obligasyon ng Borrower alinsunod sa nakasaad sa mga dokumento ng loan sa Ingles na lalagdaan niya sa pagsasara ng loan. Hindi dapat lagdaan ng Borrower ang pagsasaling ito. Bilang karagdagan, posibleng natanggap lang ng Borrower ang dokumentong ito ng loan bilang halimbawa ng isang tipikal na dokumento ng loan, at wala itong kaugnayan sa isang partikular na transaksyon sa loan. Kung ganito ang sitwasyon, ang dokumentong ito ay hindi puwedeng maging isang pagsasalin ng dokumento ng loan na ipapatupad ng Borrower sa panahong kukuha ang Borrower ng mortgage loan sa bahay.**

## NOTICE REGARDING TAGALOG TRANSLATION

**This Tagalog translation is not a binding legal document, is being provided solely for the Borrower's convenience, and will not in any way be construed as a contract or any part of the English loan document. While Fannie Mae and Freddie Mac have attempted to ensure that this is an accurate Tagalog translation of the loan document, neither Fannie Mae nor Freddie Mac is liable for any inaccuracies in this Tagalog translation or for any misunderstandings due to differences in language usage or dialect. In the event of any inconsistencies between the English loan document and this Tagalog translation, the executed English loan document will govern. The Borrower assumes the responsibility for fully understanding the nature and terms of the Borrower's obligations as set forth in the English loan documents they sign at loan closing. The Borrower shall not sign this translation. In addition, the Borrower may have received this loan document solely as an example of a typical loan document, and not in connection with a specific loan transaction. If this is the case, this document may not be a translation of the loan document that the Borrower will execute at the time the Borrower obtains a home mortgage loan.**


Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved

**ISA ITONG EKSTENSYON SA CREDIT AYON SA URI NG CREDIT NA TINUKOY NG SUBSECTION (a)(6) NG SEKSYON 50, ARTIKULO XVI MG TEXAS CONSTITUTION**

**ANG EKSTENSYONG ITO SA CREDIT AY MAY VARIABLE RATE NG INTERES NA AWTORISADO NG SEKSYON 50(a)(6)(O), ARTIKULO XVI NG TEXAS CONSTITUTION**

# EQUITY NG BAHAY SA TEXAS
# NOTE SA FIXED/ADJUSTABLE NA RATE

**(30 Araw na Average na SOFR Index (Gaya ng Inilathala ng Federal Reserve Bank of New York) - Mga Rate Cap)**
**(Unang Lien)**

**NAGLALAMAN ANG NOTE NA ITO NG MGA PROBISYONG NAGPAPAHINTULOT NA GAWING ADJUSTABLE NA INTEREST RATE ANG AKING FIXED NA INTEREST RATE. NILILIMITAHAN NG NOTE NA ITO ANG HALAGANG PUWEDENG MABAGO SA AKING ADJUSTABLE NA INTEREST RATE SA BAWAT PAGKAKATAON AT ANG MINIMUM AT MAXIMUM NA RATE NA DAPAT KONG BAYARAN.**

_______________, ______ Lugar ng Pagpapatupad: _________________________, ____________________
[Petsa ng Note] [Lungsod] [Estado]

______________________________________________________________________________
[Address ng Pag-aari]

**1. PANGAKO NG BORROWER NA MAGBAYAD**

Isa itong ekstensyon sa credit ayon sa Seksyon 50(a)(6), Artikulo XVI ng Texas Constitution (ang "Ekstensyon sa Credit"). Kapalit ng Ekstensyon sa Credit na nagkakahalaga ng U.S. $__________ (ang "Principal") na natanggap ko mula kay _________ (ang "Lender"), nangangako akong bayaran ang Principal, na may interes, ayon sa pag-aatas ng Lender. Gagawin ko ang lahat ng pagbabayad sa ilalim ng Note na ito sa currency ng U.S. nang nasa cash, tseke, money order, o iba pang paraan ng pagbabayad na tinatanggap ng Lender.

Nauunawaan kong puwedeng i-transfer ng Lender ang Note na ito. Tatawaging "May-ari ng Note" ang Lender o ang sinumang makakakuha sa Note na ito sa pamamagitan ng pag-transfer, at na may karapatang makatanggap ng bayad sa ilalim ng Note na ito.

Nauunawaan ko na hindi ito isang open-end account na puwedeng pana-panahong i-debit o kung saan sa ilalim nito ay puwedeng pana-panahong ma-extend ang credit.

Ang pag-aari na inilarawan sa itaas sa Address ng Pag-aari ay napapailalim sa lien ng Security Instrument na kasabay na ipinapatupad (ang "Security Instrument").

**2. INTERES**

Maniningil ng interes sa hindi pa nababayarang Principal hanggang sa mabayaran ang kabuuang halaga ng Principal. Magbabayad ako ng interes sa taunang rate na __________%. Magbabago ang interest rate na babayaran ko alinsunod sa Seksyon 4 ng Note na ito. Napagkasunduang ang kabuuan ng lahat ng interes at iba pang charge na bubuo sa interes sa ilalim ng nalalapat na batas ay hindi lalampas sa maximum na halaga ng interes na pinapayagan ng nalalapat na batas. Walang kahit na ano sa Note na ito o sa Security Instrument ang magbibigay ng karapatan sa May-ari ng Note dahil sa anumang contingency o pangyayari, kabilang ang dahil sa acceleration ng maturity o prepayment ng Ekstensyon sa Credit, na makatanggap o mangolekta ng interes o iba pang singil na bumubuo sa interes na sobra sa pinakamataas na rate na pinapayagan ng nalalapat na batas sa Principal o sa isang monetary na obligasyon na nakuha para protektahan ang pag-aari na inilarawan sa itaas na awtorisado ng Security Instrument, at hindi ako kailanman oobligahing magbayad ng interes na sobra sa naturang rate.


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]**
**[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**

Ang interest rate na iniaatas ng Seksyon 2 at Seksyon 4 ng Note na ito ay ang rate na babayaran ko bago at matapos ang anumang default na inilalarawan sa Seksyon 7(B) ng Note na ito.

**3. MGA PAGBABAYAD**

**(A) Oras at Lugar ng Mga Pagbabayad**

Babayaran ko ang principal at interes sa pamamagitan ng pagbabayad bawat buwan. Tatawagin ang halagang ito na aking "Buwanang Pagbabayad."

Gagawin ko ang aking Buwanang Pagbabayad sa unang araw ng bawat buwan simula sa ________________, _____. Gagawin ko ang mga pagbabayad na ito bawat buwan hanggang sa mabayaran ko ang lahat ng Principal at interes at iba pang singil na inilalarawan sa ibaba na posibleng hindi ko pa nababayaran sa ilalim ng Note na ito. Ilalapat ang bawat Buwanang Pagbabayad sa nakaiskedyul na takdang petsa nito, at ilalapat ito sa interes bago sa Principal. Kung sa __________________________, __________, ay mayroon pa rin akong hindi nababayaran sa ilalim ng Note na ito, babayaran ko ang mga halagang iyon sa petsang iyon, na tatawaging "Petsa ng Maturity."

Gagawin ko ang aking Mga Buwanang Pagbabayad sa __________________________ o sa ibang lugar kung iaatas ng May-ari ng Note.

**(B) Halaga ng Aking Mga Paunang Buwanang Pagbabayad**

Ang bawat isa sa aking paunang Buwanang Pagbabayad ay magkakahalaga ng U.S. $___________________. Puwedeng magbago ang halagang ito. Hindi kasama sa halaga ng bayad na ito ang anumang buwis sa Pag-aari, insurance, o iba pang singil na posibleng pabayaran sa akin bawat buwan.

**(C) Mga Pagbabago sa Buwanang Pagbabayad**

Ipapakita ng mga pagbabago sa aking Buwanang Pagbabayad ang hindi pa nababayarang Principal ng aking Ekstensyon sa Credit at sa interest rate na dapat kong bayaran. Tutukuyin ng May-ari ng Note ang aking bagong interest rate at ang nabagong halaga sa aking Buwanang Pagbabayad alinsunod sa Seksyon 4 ng Note na ito.

**4. MGA PAGBABAGO SA ADJUSTABLE NA INTEREST RATE AT BUWANANG PAGBABAYAD**

**(A) Mga Petsa ng Pagbabago**

Ang paunang fixed na interest rate na babayaran ko ay magiging adjustable na interest rate sa unang araw ng _________, _______, at puwedeng magbago ang adjustable na interest rate na babayaran ko sa unang araw ng buwan bawat ika-6 na buwan. Ang petsa kung kailan magiging adjustable na interest rate ang aking paunang fixed na interest rate, at ang bawat petsa kung kailan puwedeng magbago ang aking adjustable na interest rate ay tatawaging "Petsa ng Pagbabago."

**(B) Ang Index**

Simula sa unang araw ng Petsa ng Pagbabago, ibabatay ang aking adjustable na interest rate sa isang Index na kakalkulahin at ibibigay sa pangkalahatang publiko ng isang administrator (ang "Administrator"). Ang "Index" ay isang benchmark, na tinatawag na 30 araw na Average na SOFR index. Ang Index ay kasalukuyang inilalathala ng Federal Reserve Bank of New York. Ang pinakabagong value ng Index na available sa petsa 45 araw bago ang bawat Petsa ng Pagbabago ay tatawaging "Kasalukuyang Index," basta't kung wala pang zero ang Kasalukuyang Index ay ituturing itong zero para sa mga layunin sa pagkalkula ng aking interest rate.

Kung hindi na available ang Index, papalitan ito ayon sa Seksyon 4(G) sa ibaba.

**(C) Pagkakalkula sa Mga Pagbabago**

Bago ang bawat Petsa ng Pagbabago, kakalkulahin ng May-ari ng Note ang aking bagong interest rate sa pamamagitan ng pagdaragdag ng _______________ (na) percentage point (_________%) (ang "Margin") sa Kasalukuyang Index. Posibleng magbago ang Margin kung papalitan ng May-ari ng Note ang Index alinsunod sa Seksyon 4(G)(2) sa ibaba. Pagkatapos noon ay ira-round off ng May-ari ng Note ang resulta ng Margin, kasama ang Kasalukuyang Index sa pinakamalapit na one-eighth ng isang percentage point (0.125%). Depende sa mga limitasyong nakasaad sa Seksyon 4(D) sa ibaba, ang na-round off na halagang ito ang magiging bagong interest rate ko hanggang sa susunod na Petsa ng Pagbabago.


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]**
**[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**

Tutukuyin ng May-ari ng Note ang halaga ng Buwanang Pagbabayad na kailangan para mabayaran ang hindi pa nababayarang Principal na inaasahang magiging utang ko sa Petsa ng Pagbabago sa Petsa ng Maturity sa aking bagong interest rate, na nasa magkakatumbas na pagbabayad. Ang resulta ng pagkalkulang ito ang magiging bagong halaga ng aking Buwanang Pagbabayad.

**(D) Mga Limitasyon sa Mga Pagbabago sa Interest Rate**

Ang interest rate na kailangan kong bayaran sa unang Petsa ng Pagbabago ay hindi magiging mas mataas sa _______________% o mas mababa sa ___________%. Ang aking adjustable na interest rate ay hindi kailangan tataasan o babawasan sa anumang iisang Petsa ng Pagbabago nang mahigit sa isang percentage point (1.0%) mula sa rate ng interes na binabayaran ko sa nakalipas na 6 na buwan, at hindi kailanman magiging mas mataas sa _____________% o mas mababa sa ______%.

**(E) Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Mga Pagbabago**

Magkakaroon ng bisa ang aking bagong interest rate sa bawat Petsa ng Pagbabago. Babayaran ko ang halaga ng aking bagong Buwanang Pagbabayad simula sa petsa ng unang Buwanang Pagbabayad pagkalipas ng Petsa ng Pagbabago hanggang sa magbago ulit ang aking Buwanang Pagbabayad.

**(F) Abiso sa Mga Pagbabago**

Maghahatid o magpapadala sa akin ang May-ari ng Note, sa pamamagitan ng koreo, ng abiso para sa anumang pagbabago sa aking paunang fixed na interest rate na naging adjustable na interest rate at anumang pagbabago sa aking adjustable na interest rate bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng anumang pagbabago. Ang abiso ay kabibilangan ng halaga ng aking Buwanang Pagbabayad, anumang impormasyong iniaatas ng batas na ibigay sa akin, at ng posisyon at numero ng telepono ng taong sasagot sa anumang tanong na posibleng mayroon ako kaugnay ng abiso.

**(G) Replacement Index at Replacement Margin**

Ituturing na hindi na available at papalitan ang Index kung magyayari ang alinman sa mga sumusunod na event (kung saan “Replacement Event” ang bawat isa): (i) permanente nang inihinto ng Administrator ang pagbibigay sa Index sa pangkalahatang publiko o inihinto niya ito nang walang takdang petsa ng pagtatapos; o (ii) maglalabas ang Administrator o ang regulator nito ng opisyal na pampublikong pahayag na nagsasabing hindi na maaasahan o representative ang Index.

Kung magkakaroon ng Replacement Event, pipili ang May-ari sa Note ng bagong index (“Replacement Index”) at puwede rin siyang pumili ng bagong margin (“Replacement Margin”), sa sumusunod na paraan:

(1) Kung may replacement index na napili o inirekomenda para sa paggamit sa mga pang-consumer na produkto, kasama ang mga residensyal na mortgage na may adjustable na rate, ang Lupon ng Mga Gobernador ng Federal Reserve System, Federal Reserve Bank of New York, o isang komiteng ineendorso o binubuo ng Lupon ng Mga Gobernador ng Federal Reserve System o Federal Reserve Bank of New York sa panahon ng Replacement Event, pipiliin ng May-ari ng Note ang index na iyon bilang Replacement Index.

(2) Kung walang replacement index na napili o inirekomenda para sa paggamit sa mga pang-consumer na produkto sa ilalim ng Seksyon (G)(1) sa panahon ng Replacement Event, gagawa ang May-ari ng Note ng makatuwirang pagsisikap na may mabuting hangarin para pumili ng Replacement Index at Replacement Margin na, kapag pinagsama, makatuwirang inaasahan ng May-ari ng Note na magmi-minimize sa anumang pagbabago sa gastusin sa loan, nang isinasaalang-alang ang dating performance ng Index at Replacement Index.

Ang Replacement Index at Replacement Margin, kung mayroon, ay mag-o-operate kaagad kapag may Replacement Event at gagamitin para matukoy ang aking interest rate at ang Mga Buwanang Pagbabayad sa Mga Petsa ng Pagbabago na mahigit 45 araw na pagkatapos ng isang Replacement Event. Puwedeng palitan ang Index at Margin nang mahigit sa isang beses sa termino ng aking Note, pero kapag nagkaroon lang ng iba pang Replacement Event. Pagkatapos ng Replacement Event, ang lahat ng pagbanggit sa “Index” at “Margin” ay ituturing na mga pagbanggit sa “Replacement Index” at “Replacement Margin.”

Bibigyan rin ako ng may-ari ng Note ng abiso tungkol sa aking Replacement Index at Replacement Margin,


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]**
**[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**

kung mayroon, at ng iba pang impormasyong iniaatas ng naaangkop na batas at regulasyon.

## 5. KARAPATANG PAUNANG MAGBAYAD NG BORROWER

May karapatan akong bayaran ang principal anumang oras bago ang takdang petsa. Ang pagbabayad ng principal lang ay tinatawag na "Paunang Pagbabayad." Kapag maaga akong nagbayad, aabisuhan ko ang May-ari ng Note sa pamamagitan ng pagsulat. Posibleng hindi ko italaga ang isang bayad bilang Paunang Pagbabayad kung hindi ko nabayaran ang lahat ng Buwanang Pagbabayad na dapat bayaran sa ilalim ng Note na ito.

Puwede akong gumawa ng buong Paunang Pagbabayad o mga hindi buong Paunang Pagbabayad nang hindi nagbabayad ng singil sa Paunang Pagbabayad. Gagamitin ng May-ari ng Note ang aking Mga Paunang Pagbabayad para mabawasan ang halaga ng Principal na kailangan kong bayaran sa ilalim ng Note na ito. Gayunpaman, posibleng ilapat ng May-ari ng Note ang aking Paunang Pagbabayad sa naipon at hindi pa nababayarang interes sa halaga Paunang Pagbabayad, bago ilapat ang aking Paunang Pagbabayad para mabawasan ang halaga ng Principal ng Note. Kung gagawa ako ng hindi buong Paunang Pagbabayad, walang magiging pagbabago sa takdang petsa ng aking Buwanang Pagbabayad maliban na lang kung sasang-ayon ang May-ari ng Note, sa pamamagitan ng pagsulat, sa mga pagbabagong iyon. Posibleng mabawasan ng aking hindi buong Paunang Pagbabayad ang halaga ng aking Mga Buwanang Pagbabayad pagkalipas ng unang Petsa ng Pagbabago kasunod ng aking hindi buong Paunang Pagbabayad. Gayunpaman, puwedeng ma-offset ng pagtaas sa interest rate ang anumang pagbabawas dahil sa aking hindi buong Paunang Pagbabayad.

## 6. MGA SINGIL SA LOAN

Ang lahat ng kasunduan sa pagitan namin ng May Hawak ng Note ay hayagang nililimitahan para ang anumang interes, singil sa loan, o bayarin (maliban sa interes) na nakolekta o kokolektahin sa akin, sinumang may-ari o asawa ng may-ari ng pag-aari na nakasaad sa itaas kaugnay ng pagpapasimula, ebalwasyon, maintenance, pagre-record, pag-insure, o pagseserbisyo ng Ekstensyon sa Credit ay hindi lalampas sa pinakamataas na halagang pinapayagan ng nalalapat na batas kapag pinagsama-sama.

Kung itatakda ng nalalapat na batas, na nalalapat sa Ekstensyon na ito sa Credit, ang mga pinakamalaking singil sa loan, at ipapakahulugan ang batas na iyon para malampasan ng interes o iba pang singil sa Ekstensyon sa Credit na nakolekta o kokolektahin kaugnay ng loan ang mga pinapayagang limitasyon, (a) ang anumang nasabing singil sa loan ay babawasan ng halagang kinakailangan para mabawasan ang singil sa pinapayagang limitasyon, at (b) ang anumang halagang nakolekta na mula sa akin at lampas sa mga pinapayagang limitasyon ay ire-refund sa akin. Kung mababawasan ng pag-refund ang Principal, ang kabawasan ay ituturing na hindi buong Paunang Pagbabayad. **Ang pagbabayad ng May Hawak ng Note sa anumang ganoong refund ang magpapawalang-bisa sa anumang karapatan sa pagkilos na posibleng mayroon ako na resulta ng naturang sobrang pagsingil.**

Hayagang intensyon ko at ng May Hawak ng Note na balangkasin ang Ekstensyon na ito sa Credit para makasunod sa mga probisyon ng Texas Constitution na nalalapat sa mga ekstensyon sa credit alinsunod sa nakasaad sa Seksyon 50(a)(6), Artikulo XVI ng Texas Constitution. Kung sakaling dahil sa anumang pangako, pagbabayad, obligasyon, o probisyon ng Note ay lumampas ang Security Instrument o anupamang dokumento ng loan na nauugnay sa Ekstensyon sa Credit na ito sa limitasyon ng validity na nakasaad sa Nalalapat na Batas, babawasan ang anumang naturang pangako, pagbabayad, obligasyon, o probisyon hanggang sa limitasyon ng naturang validity, o aalisin bilang requirement kung kailangan para makasunod sa naturang batas, at puwedeng baguhin ang naturang dokumento sa pamamagitan ng nakasulat na abiso mula sa May Hawak ng Note nang hindi ko kailangang magpatupad ng anumang bagong pag-amyenda o bagong dokumento.

Papangibabawan ng mga probisyon ng Seksyon 6 na ito ang anumang hindi tugmang probisyon sa Note na ito o sa Security Instrument.

## 7. HINDI PAGBABAYAD NG BORROWER AYON SA INAATAS

### (A) Mga Late Charge para sa Mga Overdue na Bayad

Kung hindi natanggap ng May-ari ng Note ang buong halaga ng anumang Buwanang Pagbabayad sa pagtatapos ng ______________ (na) araw na kalendaryo pagkalipas ng takdang petsa, magbabayad ako ng singil para sa nahuling pagbabayad sa May-ari ng Note. Ang halaga ng singil ay ______% ng aking overdue na Buwanang Pagbabayad. Babayaran ko kaagad ang singil na ito para sa nahuling pagbabayad pero nang isang beses lang para sa bawat nahuling pagbabayad.


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**(B) Default**

Kung hindi ko babayaran ang buong halaga ng bawat Buwanang Pagbabayad sa takdang petsa nito, made-default ako.

**(C) Abiso sa Pagkaka-default**

Kung na-default ako, puwede akong padalhan ng May-ari ng Note ng nakasulat na abisong nagsasabing kung hindi ko mababayaran ang overdue na halaga sa partikular na petsa, puwede akong atasan ng May-ari ng Note na bayaran kaagad ang buong halaga ng hindi pa nababayarang Principal, lahat ng interes na dapat kong bayaran sa halagang iyon, at iba pang singil na iniaatas sa ilalim ng Note na Ito (ang "Default na Balanse"). Ang petsang iyon ay hindi dapat bababa sa 30 araw mula sa petsa kung kailan ipinadala o inihatid sa akin ang abiso sa iba pang paraan. Hindi puwedeng i-accelerate ang Note na ito dahil sa pagbaba ng market value ng pag-aari na nakalarawan sa itaas o dahil sa default ng may-ari ng pag-aari sa ilalim ng anumang pagkakautang na hindi sakop ng Note na ito o ng Security Instrument.

**(D) Walang Waiver ng May-ari ng Note**

Kung na-default ako, at hindi ako inaatasan ng May-ari ng Note na bayaran kaagad ang Default na Balanse ayon sa inilarawan sa itaas, may karapatan pa rin ang May-ari ng Note na gawin ito kung patuloy akong made-default o kung made-default ako sa ibang pagkakataon.

**(E) Pagbabayad sa Mga Bayarin at Gastusin ng May-ari ng Note**

Kung inatasan ako ng May-ari ng Note na bayaran kaagad ang Default na Balanse ayon sa inilarawan sa itaas, may karapatan ang May-ari ng Note na mabayaran ko para sa lahat ng bayarin at gastusin nito sa pagpapatupad sa Note na ito hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng nalalapat na batas, kabilang ang Seksyon 50(a)(6) Artikulo XVI ng Texas Constitution. Kasama sa mga bayaring iyon ang, halimbawa, mga makatuwirang bayarin at gastusin sa mga abugado. Nauunawaan ko na ang mga gastusing ito ay hindi itinuturing na mga bayaring resulta ng pag-maintain o pagseserbisyo sa Ekstensyon sa Credit na ito.

## 8. PAGBIBIGAY NG MGA ABISO

**(A) Abiso sa Borrower**

Maliban kung may iaatas na ibang paraan ang naaangkop na batas, ang anumang abiso na dapat ibigay sa akin sa ilalim ng Note na ito ay ibibigay sa pamamagitan ng paghahatid nito, o pagpapadala nito sa pamamagitan ng first class mail, sa Address ng Pag-aari sa itaas o sa ibang address kung bibigyan ko ang May-ari ng Note ng abiso tungkol sa iba kong address. Aabisuhan ko kaagad ang May-ari ng Note tungkol sa anumang pagbabago sa aking pisikal na address o papadalhang address. Maliban na lang kung iba ang iniaatas ng naaangkop na batas, posibleng magpadala ng abiso sa pamamagitan ng e-mail o iba pang electronic na komunikasyon kung sumang-ayon ako at ang May-ari ng Note sa pamamagitan ng pagsulat at kung ibinigay ko sa May-ari ng Note ang kasalukuyan kong e-mail address o iba pang electronic na address. Kung napagkasunduan namin ng May-ari ng Note na puwedeng magbigay ng abiso sa pamamagitan ng e-mail o iba pang electronic na komunikasyon, aabisuhan ko kaagad ang May-ari ng Note tungkol sa anumang pagbabago sa aking e-mail address o iba pang electronic na address.

**(B) Abiso sa May-ari ng Note**

Ang anumang abiso na dapat kong ibigay sa May-ari ng Note sa ilalim ng Note na ito ay ihahatid sa pamamagitan ng first class mail sa May-ari ng Note sa address na nakasaad sa Seksyon 3(A) sa itaas o sa ibang address kung binigyan ako ng abiso tungkol sa ibang address na iyon. Gayunpaman, kung ang layunin ng abiso ay abisuhan ang May-ari ng Note ng hindi pagsunod sa mga obligasyon ng May-ari ng Note sa ilalim ng Ekstensyon sa Credit na ito, o hindi pagsunod sa anumang probisyon ng Texas Constitution na nalalapat sa mga ekstensyon sa credit ayon sa Seksyon 50(a)(6), Artikulo XVI ng Texas Constitution, kailangan ng abiso sa pamamagitan ng sertipikadong mail.

## 9. MGA OBLIGASYON NG MGA TAO SA ILALIM NG NOTE NA ITO

Alinsunod sa limitasyon ng personal na pananagutang nakalarawan sa ibaba, ang bawat taong lalagda sa Note na ito ay magiging responsable sa pagtiyak na isasagawa ang lahat ng aking pangako at obligasyon sa Note na ito, kabilang ang pagbabayad ng buong halagang dapat bayaran. May responsibilidad din ang sinumang aako sa mga obligasyong ito.

Nauunawaan ko na nakasaad sa Seksyon 50(a)(6)(C), Artikulo XVI ng Texas Constitution na ibinigay ang


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]
[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**

Note na ito nang walang personal na pananagutan laban sa bawat may-ari ng pag-aari na nakalarawan sa itaas at laban sa asawa ng bawat may-ari maliban kung nakuha ng may-ari o ng asawa ang Ekstensyon na ito sa Credit sa pamamagitan ng aktuwal na panloloko. Ibig sabihin, kung wala ang naturang aktuwal na panloloko, puwedeng ipatupad ng May Hawak ng Note ang mga karapatan niya sa ilalim ng Note na ito laban lang sa pag-aari na nakalarawan sa itaas at hindi sa personal na paraan laban sa sinumang may-ari ng naturang pag-aari o sa asawa ng isang may-ari.

Kung nakuha sa pamamagitan ng aktuwal na panloloko itong Ekstensyon sa Credit, personal akong mananagot sa pagbabayad ng anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng Note na ito. Ibig sabihin, ang isang personal na hatol ay puwedeng ipataw laban sa akin kung hindi ko maisasagawa ang aking mga responsibilidad sa ilalim ng Note na ito, kabilang ang hatol para sa anumang kakulangang resulta ng pagbebenta ng May Hawak ng Note sa pag-aari na inilalarawan sa itaas sa halagang mas mababa sa dapat bayaran sa ilalim ng Note na ito.

Kung hindi ipinagbabawal ng Seksyon 50(a)(6)(C), Artikulo XVI ng Texas Constitution, hindi maaapektuhan ng Seksyon 9 na ito sa anumang paraan ang karapatan ng May Hawak ng Note na kolektahin ang lahat ng halagang dapat bayaran sa ilalim ng Note na ito o pigilan ang karapatan ng May Hawak ng Note sa anumang pangako o kondisyon ng Note na ito.

**10. MGA WAIVER**

Wine-waive ko at ng iba pang taong may mga obligasyon sa ilalim ng Note na ito ang mga karapatan sa Presentment at Notice of Dishonor. Ang “Presentment” ay tumutukoy sa karapatang atasan ang May-ari ng Note na i-demand ang mga halagang dapat bayaran. Ang “Notice of Dishonor” ay tumutukoy sa karapatang atasan ang May-ari ng Note na abisuhan ang iba pang taong may mga hindi pa nababayarang halaga.

**11. NAKA-SECURE NA NOTE**

Bukod sa mga proteksyong ibinibigay sa May-ari ng Note sa ilalim ng Note na ito, pinoprotektahan ng Security Instrument, ayon sa pag-amyenda ng Rider sa Fixed/Adjustable na Rate sa Equity ng Bahay sa Texas, na may petsang pareho sa petsa ng Note na ito, ang May-ari ng Note mula sa mga posibleng pagkalugi na puwedeng magresulta kung hindi ko matutupad ang mga ipinangako ko sa Note na ito. Inilalarawan din ng Security Instrument na iyon kung paano at sa anong mga kundisyon ako puwedeng atasan na bayaran kaagad ang lahat ng halagang dapat kong bayaran alinsunod sa Note na ito. Ang ilan sa mga kundisyong iyon ay inilalarawan sa ganitong paraan:

> **Pag-transfer ng Pag-aari o Kapaki-pakinabang na Interes sa Borrower.** Para sa mga layunin ng Seksyon 17 na ito lang, tumutukoy ang “Interes sa Pag-aari” sa anumang legal o kapaki-pakinabang na interes sa Pag-aari, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga kapaki-pakinabang na interes na tina-transfer sa isang bond for deed, contract for deed, installment sales contract, o kasunduan sa escrow, kung saan layunin ng Borrower na mag-transfer ng titulo sa isang purchaser sa isang petsa sa hinaharap.
>
> Kung ang lahat ng o ang anumang bahagi ng Pag-aari o Interes sa Pag-aari ay maibebenta o mata-transfer (o kung hindi natural na tao ang Borrower at may maibebenta o mata-transfer na kapaki-pakinabang na interes sa Borrower) nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng Lender, puwedeng agarang pabayaran ng Lender nang buo ang lahat ng halagang secured ng Security Instrument na ito. Gayunpaman, hindi gagamitin ng Lender ang opsyong ito kung ipinagbabawal ng Naaangkop na Batas ang paggamit nito.
>
> Kung gagamitin ng Lender ang opsyong ito, bibigyan ng Lender ang Borrower ng notice of acceleration. Magbibigay ang abiso ng hindi bababa sa 30 araw mula sa petsa kung kailan ibinigay ang abiso alinsunod sa Seksyon 14 kung saan dapat bayaran ng Borrower ang lahat ng halagang na-secure ng Security Instrument na ito. Kung hindi mababayaran ng Borrower ang mga halagang ito bago lumipas ang o pagkalipas ng panahong ito, puwedeng gamitin ng Lender ang anumang remedyong pinapahintulutan ng Security Instrument na ito nang walang higit pang abiso o demand sa Borrower at puwede niyang singilin ang lahat ng magagastos sa paggamit sa mga nasabing remedyo, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa: (a) mga makatuwirang bayarin at gastos sa mga abugado; (b) bayad sa inspeksyon at valuation ng Pag-aari; at (c) iba pang bayad para maprotektahan ang Interes sa Pag-aari at/o mga karapatan ng Lender sa ilalim ng Security Instrument na ito.


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]**
**[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**

**12. NALALAPAT NA BATAS**

Ang Note na ito ay mapapailalim sa batas ng Texas at anumang nalalapat na pederal na batas. Kung sakaling magkakaroon ng anumang salungatan sa pagitan ng Texas Constitution at iba pang nalalapat na batas, ang intensyon ng mga probisyon ng Texas Constitution ang ilalapat para lutasin ang salungatan. Kung sakaling magkakaroon ng salungatan sa pagitan ng anumang probisyon ng Note na ito at nalalapat na batas, ang nalalapat na batas ang mananaig hanggang sa sukdulang palitan ang naturang salungatan at baguhin ang mga magkakasalungat na probisyong nasa Note na ito hangga't kinakailangan para makasunod sa nalalapat na batas. Ang lahat ng iba pang probisyon sa Note na ito ay ganap na mananatiling epektibo at nalalapat.

**13. WALANG PASALITANG KASUNDUAN**

**ANG NOTE NA ITO ANG BUMUBUO SA ISANG "NAKASULAT NA KASUNDUAN SA LOAN" ALINSUNOD SA SEKSYON 26.02 NG TEXAS BUSINESS AND COMMERCE CODE, KUNG NALALAPAT ANG NATURANG SEKSYON. KINAKATAWAN NG NAKASULAT NA KASUNDUANG ITO SA LOAN ANG PINAL NA KASUNDUAN SA PAGITAN NG MGA PARTIDO AT HINDI ITO PUWEDENG SALUNGATIN NG EBIDENSYA NG MGA DATI, KASABAY, O KASUNOD NA PASALITANG KASUNDUAN NG MGA PARTIDO. BAWAL ANG MGA HINDI NAKASULAT NA PASALITANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG MGA PARTIDO.**

MAGING SAKSI SA (MGA) KAMAY NG NAKALAGDA.

**[HUWAG LAGDAAN KUNG MAY MGA HINDI PA NASASAGUTANG BLANGKO SA DOKUMENTONG ITO. DAPAT IPATUPAD ANG DOKUMENTONG ITO SA OPISINA NG LENDER, ATTORNEY AT LAW O ISANG TITLE COMPANY. DAPAT KANG MAKATANGGAP NG KOPYA NG DOKUMENTONG ITO PAGKATAPOS MO ITONG LAGDAAN.]**

______________________________ -Borrower

______________________________ -Borrower

______________________________ -Borrower

______________________________ -Borrower

[Orihinal Lang ang Lagdaan]


**Translation © 2022 Fannie Mae/Freddie Mac. All Rights Reserved**

**[BILANG SANGGUNIAN LANG]**
**[FOR REFERENCE PURPOSES ONLY]**